


# Bumubuo kami ng bagong pananaw para sa 710 Corridor

710 Task Force

Metro

# Maligayang pagdating!

*Magsisimula na tayo sa ilang sandali.*

**710 Task Force Meeting #5**

Pebrero 17, 2022

Metro

# Interpretation / *Interpretación /kar bakasray / Interpretasyon*

**To listen to the meeting in another language:**

***Español*:**

- *Llamada en español:* 872.240.3212
- *Código de acceso:* 518-985-589

***Khmer:***

- *សេចក្តីលម្អិត អំពីការហៅចូលប្រជុំ:* 872.240.3412
- *លេខកូដចូលប្រើ:* 629-384-181

***Tagalog:***


- *Mga Detalye sa Call-in sa Pagpupulong:* 571.317.3122
- *Kodigo:* 133-221-565

**Tech Support - Google phone line/text**

- Phone: 323.609.3345
- Monitoring, translation support

# Task Force Member Identification

**Task Force Members, please change your Zoom screen name to include:** Name and Organization Name




Metro

# Raise Hand / *Levantar la mano*

- Click **Raise Hand** in your meeting controls or
- **Press*9** on the phone line.
- To lower your hand, click **Raise Hand** in your meeting controls.
- Comments & questions can also be provided in writing by using the **Q&A** function.
- The **Q&A** button is located on the control panel at the bottom of your screen.
- If you're listening in on our Spanish, Khmer or Tagalog **phone** call-in lines and have a question or comment, please **press *6** to unmute yourself and let the interpreter know.

- *Haga clic en "**Raise Hand**" o "**Levantar la mano**" en los controles de la reunión o*
- ***Presiona *9** en la línea telefónica.*
- *Para bajar la mano, haga clic en "**Raise Hand**" o "**Levantar la mano**" en los controles de la reunión.*
- *Los comentarios y las preguntas también se pueden proporcionar por escrito mediante la función de **Q&A**.*
- *El botón **Q&A** se encuentra en el panel de control en la parte inferior de la pantalla.*
- *Si está escuchando nuestras líneas telefónicas en español, jemer o tagalo y tiene una pregunta o comentario, presione * 6 para abrir la línea y avisar al intérprete.*

# Maligayang pagdating!

Metro

# Facilitator



**Erika C.B. Morales**

Partner, Morales + Morales Partners

Metro

# Agenda

| | |
|---|---|
| **5:00 pm** | **Pagbati, Mga Introduksiyon, at Pagsusuri sa Agenda, Mga Layunin ng Pagpupulong** (10 minute) |
| **5:10 pm** | **Item sa Agenda #1: Mga Ulat ng Pangkat sa Proyekto at Working Group** (70 minuto)<br>Interactive na pagsasagawa ng pagboto para sa panghuling Membership sa Charter at Komite sa Koordinasyon |
| **6:15 pm** | **Item sa Agenda #2: Bisyon at Mga Tunguhin** (40 minuto) |
| **6:55 pm** | Pangkalahatang Pampublikong Komento **at Pangwakas na Pahayag** (25 minuto) |
| **7:25 pm** | **Mga Paparating na Pagpupulong** (5 minuto) |

Metro

# Detalyadong Agenda

**5:00 pm** **Pagbati, Mga Introduksiyon, at Pagsusuri sa Agenda, Mga Layunin ng Pagpupulong** (10 minute)

**5:10 pm** **Item sa Agenda #1: Mga Ulat ng Pangkat sa Proyekto at Working Group** (70 minutos)

1.1 Ulat ng Katayuan sa Mga Nalalabing Item (10 minuto)

b. Diagram ng Proseso ng Trabaho

c. Mga Resulta ng Survey sa Stakeholder

1.2 Mga Update ~~at Checkpoint ng Kasunduan ng Working Group: Yugto 1~~

- a. Report Out ng Working Group (20 minuto)
  - i. Report Out ng Working Group (20 minuto)
    - i. Clean Truck
    - ii. Sulat at Aplikasyon para sa Pagkomento sa Pagtatasa ng Bisa ng SB 671 Clean Freight Corridor
  - ii. Estratehiya sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
  - iii. Charter at Mga Kasunduan ng Komunidad
- b. Panukala at Pagboto sa Charter ng Task Force ng 710 South Corridor
  - i. Talakayan ng Task Force (15 minuto)
  - ii. **Pagkomento ng Publiko (10 minuto)**
  - iii. **Pagboto – Panghuling Charter ng Task Force ng I-710 South Corridor** (10 minuto)

1.3 Komite sa Koordinasyon (25 minuto)

- a. Mga Natanggap na Naunang Nominasyon (+ kumuha ng mas maraming nominasyon mula sa pagpupulong
- b. Mga Nominasyon at Talakayan ng Task Force (10 minuto)
  - i. **Pagboto – Membership sa Komite sa Koordinasyon (10 minuto)**
  - ii. **Pagkomento ng Publiko** (5 minuto)

**6:20 pm** **Item sa Agenda #2: Bisyon at Mga Tunguhin** (40 minuto)

2.1 Introduksiyon ng Bisyon at Mga Tunguhin (8 minuto)

2.2 Mga Kasalukuyang Kondisyon (12 minuto)

- a. Mga Nakaraang Dokumento sa Pagpaplano at Komunidad

2.3 Ano ang Pahayag ng Bisyon? Ano ang Mga Tunguhin? (5 minuto)

2.4 Pangkalahatang-ideya ng Bisyon at Mga Tunguhin (5 minuto)

**Talakayan ng Task Force** (10 minuto)

**7:00 pm** **Pangkalahatang Pampublikong Komento at Pangwakas na Pahayag (25 minutos)**

**7:25 pm** **Mga Paparating na Pagpupulong** (5 minuto)

Task Force

- Pagpupulong ng Task Force #6 (Marso 14, 5-7:30 pm)
- Pagpupulong ng Task Force #7 (Abril 11, 5-7:30 pm)
- Pagpupulong ng Task Force #8 (Mayo 9, 5-7:30 pm)

Working Group

- Estratehiya sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Pebrero 23, 5:30-7:00pm)
- Mga Clean Truck (Pebrero 24 at Marso 22, 1-2:30 pm)

Pampublikong Workshop

- Bisyon at Mga Tunguhin (Marso 23, 5:30-7:00pm)

Metro

# Meeting Objectives

> Isasaalang-alang ng Task Force ang mga rekomendasyon mula sa Mga Working Group para makumpleto ang unang yugto ng ating plano sa trabaho:
>
> - Isaalang-alang ang at bumoto sa Charter ng I-710 South Corridor na tumutukoy sa estruktura ng organisasyon, sa panloob na proseso ng paggawa ng desisyon, at sa mga tungkulin at responsibilidad para sa Pagpapahusay ng Plano sa Pagpopondo ng I-710 South Corridor
> - Bumoto sa tatlong kinatawan ng Task Force na bubuo ng membership ng Komite sa Koordinasyon

> Ipapakilala ng Pangkat sa Proyekto ang Proseso, Timeline, at Mga Mapagkukunan (kasama ang Mga dokumento sa Kasalukuyang Kondisyon at Pagsusuri ng Literatura) ng Bisyon at Mga Tunguhin

Metro




Maghanap ng higit pang mga materyales sa proyekto sa: https://www.metro.net/projects/i-710-corridor/#documents





Maghanap ng higit pang mga materyales sa proyekto sa: https://www.metro.net/projects/i-710-corridor/#documents

# Item sa Agenda #1:
# Mga Ulat ng Pangkat sa Proyekto at Working Group

Metro

# 710 Task Force: Proseso para sa Bawat Yugto ng Plano sa Trabaho




*Steps 1-5 depict normal process for proposals. If needed, Steps 3-5 will be repeated.
Refer to Decision-Making Process chart for an explanation of decision points.
**Step 6: Metro Board will consider and make the final decision on the 710 Task Force Investment Plan.

**LEGEND**
Yellow - CLC Participation
Green - Public Participation

Metro

# Buod ng Survey sa Stakeholder ng I-710 South Corridor ng Metro


> Mahigit 3,000 stakeholder ang nakatanggap ng survey sa pamamagitan ng email.

> Ang survey ay pinangangasiwaan sa pagitan ng Disyembre 21, 2021-Enero 24, 2022

> 12 tanong
- 6 na bukas na tanong (CLC, Coordinating Committee*, Task Force, Decision-making process)
- 6 na saradong tanong (Demograpiko, kaugnayan sa koridor)

> 72 respondente
- 86% na hindi miyembro ng Task Force, 14% na miyembro ng Task Force**
- 36% nakatira sa koridor
- 17% ang nagtatrabaho sa koridor
- 24% nakatira at nagtatrabaho sa koridor
- 24% ng mga sumasagot ay hindi nakatira o nagtatrabaho sa koridor

* Na-update ang pangalan ng komite batay sa input mula sa Charter Working Group
** Gaya ng tinukoy ng mga sumasagot sa survey




Metro

# Item sa Agenda #2:
# Bisyon at Mga Tunguhin

## Checkpoint: Phase 1

Metro

# Report Out sa Pagpupulong ng Working Group sa Clean Truck #2

## Buod

> Virtual na isinagawa sa pamamagitan ng Zoom noong Martes, Enero 25
> 27 kalahok (17 Miyembro ng Task Force, 10 Miyembro ng Publiko)
> Kasama sa mga paksa ng pagpupulong ang:

- Isang pangkalahatang-ideya at talakayan ng pederal na pangregulasyong pamamaraan sa pagsugpo ng mga emisyon sa loob ng I-710 South Corridor
- Isang pangkalahatang-ideya at talakayan ng kung ano ang kinakailangan para matugunan ang mga pamantayan at mandato sa pederal na antas
- Isang talakayan sa mga epekto sa mga tunguhin sa pagbawas ng emisyon, pampublikong kalusugan at pagtugon sa mga pangregulasyong mandato na dulot ng kung gaano katagal bago ilunsad ang mga trak ng ZE sa tamang sukat
- Pagpopondo at mga oportunidad sa antas ng estado
- Mga pangunahing tanong na isasaalang-alang para sa pagbuo ng Programang Clean Truck

## Mga Item ng Aksiyon

✓ Mag-imbita ng mga kinatawan ng Ahensiya sa Proteksyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA), Departamento ng Transportasyon (Department of Transportation, DOT), at Lupon ng Mga Mapagkukunan sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB) para talakayin ang mga oportunidad sa kaloob na pagpopondo.

✓ Magbahagi ng halimbawa ng matagumpay na Programang Clean Truck.

✓ Magtakda ng mga priyoridad para sa lokal na Programang Clean Truck.

✓ Bumuo ng Programang Clean Truck na tumutugon sa mga panrehiyong partner at pang-estado/pederal na tunguhin at oportunidad


Metro

# Panukalang-batas sa Senado 671: Pagtatasa sa Bisa ng Clean Freight Corridor

**I-710 South Corridor**
> Hilagang Hangganan: SR-60
> Hangganan sa Timog: Mga Daungan ng LA at Long Beach
> Kasama ang mga katabing komunidad, impraestruktura ng riles (sa madaling salita, ang Alameda Corridor) at malalaking arterial na highway

**Mga Feature**
> Malaking ruta ng kargamento na may maraming dumadaang trak na nagseserbisyo sa #1 complex ng seaport ng California
> Ginawang available ang malaking pagpopondo sa pamamagitan ng LA Metro ($50 milyong ipinangako) at Mga Daungan ng LA at Long Beach (rate ng Pondo ng Clean Truck) para mapakinabangan ang mga pondo ng estado at pederal na pondo
> Mga kasalukuyang proyekto sa impraestruktura ng ZE
> Malalaking epekto ng polusyon sa hangin at sa pampublikong kalusugan para sa mataas na konsentrasyon ng mga komunidad na nahihirapan at mataas ang populasyon
> Mga oportunidad para sa maiikling biyahe na nagseserbisyo sa mga kumpol ng mga intermodal na pasilidad at pasilidad para sa warehousing, lohistika at transloading sa loob ng pinag-aaralang lugar

**Sponsor**
> LA Metro, Gateway Cities COG, Distrito 7 ng Caltrans at 710 Task Force




Metro

# Ulat ng Working Group sa Estratehiya sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad #2

## Boud

> Virtual na isinagawa sa pamamagitan ng Zoom noong Miyerkules, Enero 26
> 36 na kalahok (11 Miyembro ng Task Force at 25 Miyembro mula sa Publiko)
> Isinapinal ang mga rekomendasyong ihaharap sa Pagpupulong ng Task Force #5, kasama ang mga kwalipikasyon sa pagiging miyembro ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad (Community Leadership Committee, CLC), mga pamantayan sa at proseso ng pagpili sa pagiging miyembro sa CLC, pag-market ng aplikasyon sa CLC, at ang susuring panel para sa mga aplikasyon sa CLC

## Mga Item ng Aksiyon

✓ Inirerekomenda ng Working Group sa Estratehiya sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Community Engagement Strategy, CES) na magsama ang CLC ng kahit 1 miyembro man lang bawat hurisdiksyon (19 na hurisdiksyon)

✓ Bubuo ang Working Group sa CES ng rekomendasyon sa kung paano pipili ng mas marami pang miyembro para sa CLC batay sa mga karagdagang salik na pagpapasiyahan pa.


Metro


# Mga Update sa Katayuan ng Aplikasyon ng CLC

> **Mga Natanggap na Aplikasyon**
- 31 aplikasyon na ang natanggap mula noong 2/9/22
- Kailangan ng mga aplikante mula sa Vernon, Lynwood, Paramount, Lakewood, Carson, Signal Hill, at Mga Unincorporated na Komunidad sa Pinapamahalang Distrito 1 at 4 ng LA County

> **Proseso ng Pagpili**
- Ayon sa inirekomenda ng Working Group sa CES, magkakaroon ang bawat hurisdiksyon ng kahit isang miyembro ng CLC man lang
- Patuloy na tatalakayin ng CES WG ang mga pamantayan para sa mga karagdagang miyembro ng CLC at magsasapinal ito sa susunod na pagpupulong nito
- Susuriin ng mga miyembro ng CES WG ang mga aplikasyon at gagawa ang mga ito ng rekomendasyon para sa TF #6

> **Kahilingan para sa Mga Miyembro ng Task Force**
- Mangyaring ibahagi ang link ng aplikasyon sa pamamagitan ng iyong social media at mga mailing list
- Isapubliko ang pinalawig na deadline mula Pebrero 18 na naging Marso 4




Metro

# Report Out sa Pagpupulong ng Working Group sa Charter #2

**Boud**

> Virtual na isinagawa sa pamamagitan ng Zoom noong Lunes, Enero 24
> 14 na kalahok na Miyembro ng Task Force
> Sinuri ang Organisasyon at Proseso ng Trabaho ng Task Force, isinapinal ang mga rekomendasyon tungkol sa Pangalan at Komposisyon ng Namamatnubay na Komite (Steering Committee), at tinalakay ang mga opsiyon sa pinagkasunduan at paggawa ng desisyon

**Action Items**

- ✓ Muling Pinangalanan ang Ehekutibong Namatnubay na Komite para maging "Komite sa Koordinasyon".
- ✓ Aprubahan ang Panghuling Charter na may mga sumusunod na elemento:
  - Ang Komite sa Koordinasyon ay binubuo ng limang miyembro, kasama ang dalawang miyembro mula sa Komite sa Pamumuno ng Komunidad at tatlong miyembro mula sa Task Force. Isasalamin ng tatlong miyembro ng Task Force ang pagkakaiba-iba ng mga stakeholder nito nang may isang kinatawang ihahalal ng Task Force mula sa bawat isa sa tatlong grupo ng mga miyembro.
  - Ang pinipiling modelo sa paggawa ng desisyon ay isang modelo ng pagboto ng mayorya na may limang hakbang na batay sa 60% na threshold.

Metro

# Working Group sa Charter: Rekomendasyon sa proseso ng paggawa ng desisyon

Unang Hakbang

**Talakayan**

Ipakilala ang paksa at mga

pangunahing tanong at alalahanin

Ikalawang Hakbang

**Panukala**

Magrekomenda ng interbensyon, patakaran o aksiyon

Ikatlong Hakbang

**Pagsusuri para sa Pinagkasunduan**

Paggamit ng mga antas ng mga kasunduan

Ikaapat na Hakbang

**Pagbabago**

Sa pamamagitan ng pag-ulit ng hakbang 1-3 kung nagpahayag ang mga miyembro ng komite ng mga alalahanin

Ikalimang Hakbang

Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagboto ng super majority

Metro

# Boluntaryong Paglahok at Kabayaran

**INA-ACTIVATE NG PAG-APRUBA NG CHARTER ANG PATAKARAN SA KABAYARAN NG LUPON NG TAGAPAYO (ADVISORY BODY COMPENSATION POLICY, ABCP) NG METRO**

Boluntaryo ang paglahok sa 710 Task Force at Komite sa Pamumuno ng Komunidad (Community Leadership Committee, CLC). Ang membership sa 710 Task Force at CLC ay magiging kwalipikado para sa kabayaran, na naaayon sa Kabayaran ng Lupon ng Tagapayo (Advisory Body Compensation Policy, ABCP) ng Metro para sa pagsali ng mga miyembro ng publiko sa lupon ng tagapayo. (tingnan ang Charter sa pahina 12 at 13)

**Metro's Advisory Body Compensation Policy**

- Ang tier ng kabayaran ng lupon ng tagapayo na ito ay ang Magpayo at Makipagtulungan sa rate ng kabayaran na $200 kada pagpupulong para sa mga regular na miyembro ng lupon ng tagapayo at $175 kada pagpupulong para sa mga kahalili.
- Ang rate ng kabayaran para sa mga pagpupulong ng subcommittee (working group at komite sa koordinasyon) ay $50 kada pagpupulong.
- Ang maximum na kabayaran para sa mga kwalipikadong miyembro ng lupon ng tagapayo ay $5,500 para sa mga regular na miyembro at $4,900 para sa mga kahalili kada piskal na taon.
- Hindi kasama ang mga miyembro ng Metro, nahalal na opisyal, at anumang pampublikong ahensiya, Mga Konseho ng Mga Gobyerno, o nahalal na tauhan sa tanggapan na naglilingkod sa mga lupon ng tagapayo bilang bahagi ng kanilang propesyonal na tungkulin. Ang mga miyembrong:
  1) nagtatrabaho para sa isang kontratista o organisasyong may hawak na aktibong kontrata sa Metro at
  2) lumalahok o nakalista sa mga aktibidad ng kontrata habang naglilingkod sa lupon ng tagapayo ay hindi kwalipikado para sa kabayaran sa tagal ng kontrata. Nalalapat ito sa lahat ng kontratista, kasama ang mga non-profit na organisasyon at organisasyong nakabase sa komunidad.

# Item sa Agenda #1.2b:

# Panukala at Pagboto sa Charter ng Task Force ng 710 South Corridor

Metro

# Proseso ng Pagboto sa Charter

**Hakbang 1:** Talakayan ng Task Force

**Hakbang 2:** Pagsusuri para sa Kasunduan ng Task Force gamit ang Mentimeter

**Hakbang 3:** Pagkomento ng Publiko – Mga Tanong/Alalahanin

**Hakbang 4:** Opisyal na Pagboto ng Task Force sa pamamagitan ng roll call

# Diskusyon ng Task Force

# Pagkomento ng Publiko

Bibigyan kayo ng 2 minuto para magtanong o magkomrento, para masulit ang paglahok

02:00

Start | Stop | Reset | mins: 2 | secs: 0 | type: None

Breaktime for PowerPoint by Flow Simulation Ltd.

Pin controls when stopped

Metro

# Item ng Aksiyon ng Task Force




Charter ng Task Force ng I-710 South Corridor

- **Hakbang 1:** Talakayan ng Task Force
- **Hakbang 2:** Pagsusuri para sa Kasunduan ng Task Force gamit ang Mentimeter
- **Hakbang 3:** Pagkomento ng Publiko – Mga Tanong/Alalahanin
- **Hakbang 4:** Opisyal na Pagboto ng Task Force sa pamamagitan ng roll call

# Item sa Agenda #1.3:
# Komite sa Koordinasyon

# Pangkalahatang-ideya ng Komite sa Koordinasyon

## 710 Task Force Meetings

> Dalas: Buwanan

> Layunin: Pag-usapan at pagkasunduan ang mga rekomendasyon

> Mga Miyembro: Hanggang 50 kinatawan mula sa isang malawak na cross-section

> Format: Pampublikong Webinar

## Coordinating Committee Meetings*

> Dalas: Buwanan, isang linggo kasunod ng Mga Pagpupulong ng Task Force

> Layunin: Planuhin ang mga pulong at suportahan ang CLC at 710 Task Force

> Mga Miyembro: Tatlong Kasalukuyang Miyembro ng Task Force at Dalawang Miyembro ng CLC

>Format: Mga Panloob na Pagpupulong ng Mga Pangkat o sa Zoom

## Community Leadership Committee (CLC) Meetings**

> Dalas: Kahit isang beses sa isang buwan man lang at magiging bukas sa publiko, kasama ang mga oportunidad para sa pagkomento ng at pakikipag-ugnayan sa publiko

> Layunin: Magbigay ng mga panukala at rekomendasyon sa 710 Task Force

> Mga Miyembro: Mga Residente mula sa Lugar ng Proyekto

> Format: Mga Panloob na Pagpupulong ng Mga Pangkat o sa Zoom

## Working Group Meetings

> Dalas: Kung Kinakailangan

> Layunin: Manaliksik at suriin ang mga partikular na isyu para makabuo ng mga panukala at rekomendasyon na isasaalang-alang ng 710 Task Force at CLC

> Mga Miyembro: Hindi hihigit sa 25 miyembro ng 710 Task Force

> Format: Mga Panloob na Pagpupulong ng Mga Pangkat o sa Zoom

## Listening Sessions and Other Community Meetings

> Dalas: Regular na nakaiskedyul sa buong proseso alinsunod sa mga yugto ng proyekto

> Layunin: Magbahagi ng mga update at direktang makarinig mula sa mga miyembro ng komunidad

> Audience: Mga stakeholder sa I-710 South Corridor

> Format: Pagpapasiyahan

***dating tinatawag na Ehekutibong Namamatnubay na Komite**

****dating tinatawag na Komite sa Pagpapayo ng Komunidad**

Metro

# Komite sa Koordinasyon

## > Proseso para sa pagtatatag ng Membership sa Komite sa Koordinasyon

**Hakbang 1:** Bukas na Pagtawag para sa Mga Nominasyon

- ✓ Magbubukas ang mga nominasyon para sa bawat posisyon.

**Hakbang 2:** Saradong Pagtawag para sa Mga Nominasyon

**Hakbang 3:** Pampublikong Komento

**Step 4:** Opisyal na Pagboto

- ✓ Kukunin ang hiwalay na boto sa mga nominado para sa bawat posisyon.
- ✓ Ang may pinakamaraming boto para sa posisyong iyon ang pipiliing miyembro.

**Boboto ang lahat ng Miyembro ng Task Force, hindi lang ang mga nasa loob ng bawat kategorya nila, sa mga nominado para sa bawat posisyon.**

Metro

# Membership sa 710 Task Force ayon sa Grupo

| Posisyon 1: Mga CBO at Organisasyon para sa Kapaligiran, Grupo para sa Adbokasiya, at Organisasyong Naglilingkod sa Komunidad (11) | Posisyon 2: Mga Ahensiya ng Lungsod at Gobyerno (19) | Posisyon 3: Paglilipat ng Mga Produkto, Lohistika, Transportasyon, Paggawa at Negosyo (17) |
|---|---|---|
| Southeast Los Angeles (SELA) Collaborative | County of Los Angeles, Supervisorial District 1 | METRANS Transportation Consortium |
| East Yard Communities for Environmental Justice (EYECJ) | County of Los Angeles, Supervisorial District 2 | CSULB Center for International Trade and Transportation (CITT) |
| Communities for a Better Environment (CBE) | County of Los Angeles, Supervisorial District 4 | USC Equity Research Institute (ERI) |
| Long Beach Alliance for Children with Asthma (LBACA) | LA County Public Works | LA Unified School District (LAUSD) |
| Long Beach Residents Empowered (LBRE) | City of Long Beach | CALSTART |
| Legal Aid Foundation of LA-Long Beach (LAFLA-LB) | City of Los Angeles | International Brotherhood of Teamsters, Local Union 848 |
| Coalition for Clean Air (CCA) | Southern California Association of Governments (SCAG) | LA County Business Federation (BizFed) |
| EarthJustice | Metrolink (Southern California Regional Rail Authority) | Burlington Northern Santa Fe (BNSF) Railway |
| National Resources Defense Council (NRDC) | Gateway Cities Council of Governments (GCCOG) | LA Customers Broker & Freight Forwarders Association (LACBFFA) |
| BREATHE LA County (Breathe LA) | City of Bell, GCCOG Ad Hoc Committee | Harbor Trucking Association (HTA) |
| The California Endowment (TCE)* | City of Commerce, GCCOG Ad Hoc Committee | Union Pacific (UP) Railroad |
| | City of Cudahy, GCCOG Ad Hoc Committee | Pacific Merchant Shipping Association (PMSA) |
| | Alameda Corridor Transportation Authority (ACTA) | Total Transportation Services, Inc. (TTSI) |
| | Long Beach Transit (LBT) | Watson Land Company |
| | Access Services, Inc | International Longshoremen Workers Union (ILWU) |
| | US Environmental Protection Agency (EPA) | Port of Long Beach (POLB) |
| | California Air Resources Board (CARB) | Port of Los Angeles (POLA) |
| | South Coast Air Quality Management District (AQMD) | |
| | LA County Economic Development Corporation (LAEDC) | |

**The California Endowment is a foundation and a community-serving organization*

Metro

# Mga Natanggap na Nominasyon

| Posisyon 1: Mga CBO at Organisasyon para sa Kapaligiran, Grupo para sa Adbokasiya, at Organisasyong Naglilingkod sa Komunidad (11) | Posisyon 2: Mga Ahensiya ng Lungsod at Gobyerno (19) | Posisyon 3: Paglilipat ng Mga Produkto, Lohistika, Transportasyon, Paggawa at Negosyo (17) |
|---|---|---|
| > **Sylvia Betancourt**/Long Beach Alliance for Children with Asthma (LBACA) | > **Elizabeth Alcantar**, Mayor, City of Cudahy | > **Sharon Weissman**, Vice President of the Long Beach Board of Harbor Commissioners, Port of Long Beach |

Metro

# Pagkomento ng Publiko

Bibigyan kayo ng 2 minuto para magtanong o magkomrento, para masulit ang paglahok

02:00

Start | Stop | Reset | mins: 2 | secs: 0 | type: None

Breaktime for PowerPoint by Flow Simulation Ltd.

Pin controls when stopped

Metro

# Mga Boto ng Task Force sa Mga Miyembro ng Komite sa Koordinasyon

VOTE

**Hakbang 1:** Open Call for Nominations

- ✓ Posisyon 1
- ✓ Posisyon 2
- ✓ Posisyon 3

**Hakbang 2:** Saradong Pagtawag para sa Mga Nominasyon

**Hakbang 3:** Pampublikong Komento

**Step 4:** Opisyal na Pagboto


- ✓ Posisyon 1
- ✓ Posisyon 2
- ✓ Posisyon 3

# Item sa Agenda #2:
# Bisyon at Mga Tunguhin

# Item sa Agenda #2.1:
# Introduksiyon ng Bisyon at Mga Tunguhin

Metro

# Proseso ng Trabaho ng 710 Task Force




Metro

# Layunin ng Bisyon at Mga Tunguhin

**Developing the 710 Corridor Vision & Goals**

> Identifying Community Needs and the Regional Context
> Analyzing Corridor Conditions and Identifying Disparities
> Developing a Corridor Vision and Goals
> Equity Planning and Evaluation Tool Checkpoint

## Layunin ng Bisyon at Mga Tunguhin

> Bubuo at mag-aapruba ang 710 Task Force ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin na magsisilbi bilang pundasyon at mga gumagabay na salik para sa mga multimodal na estratehiya, proyekto, programa, at priyoridad para mairekomenda sa loob ng Plano sa Pagpopondo ng I-710 South Corridor na ihaharap sa Lupon ng Metro para sa pagsasaalang-alang.

> **Ang Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin ay:**

- Sasalamin sa mga pangangailangan ng mga komunidad sa I-710 South Corridor
- Kakatawanin ang mga pinahahalagahan at priyoridad ng mga miyembro ng 710 Task Force sa ngalan ng mga organisasyon ng kanilang stakeholder
- Isasama ang input mula sa mga residente ng I-710 South Corridor
- Ibabatay sa kaalaman ng mga kasalukuyang kondisyon, pananaliksik, data, at pagsusuri ng mga pinakamahusay na gawi
- Susuportahan ang parehong lokal at panrehiyong konteksto para sa kung paano gumagalaw ang mga tao at produkto sa I-710 South Corridor
- Tatasahin sa pamamagitan ng Tool sa Pagpaplano at Pagsusuri ng Katarungan
- Magpapahayag ng nakabahaging direksyon sa hinaharap para sa I-710 South Corridor na maipapahayag ng mga stakeholder sa mga panrehiyon, pang-estado at pederal na partner

Metro

# Pangunahing Input at Mga Punto ng Talakayan sa Bisyon at Mga Tunguhin

## Survey

> Inilabas noong Martes, Pebrero 22, 2022, sa mga miyembro ng Task Force at komunidad ng 710 South Corridor.
> Bukas para sa mga tugon hanggang Biyernes, Marso 25, 2022

## Mga Pagpupulong ng Working Group

> Miyerkules, Pebrero 23, 2022 – Estratehiya sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
> Layunin: Talakayin ang estratehiya sa pakikipag-ugnayan para sa Survey sa Bisyon at Mga Tunguhin at Pampublikong Workshop

## Public Workshop

> Marso 23, 2022
> Layunin: Makakuha ng komento ng publiko sa pangunahing Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin para sa 710 South Corridor

## Mga Pagpupulong ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad

> Marso/Abril 2022 Pagpapasiyahan

## Mga Pagpupulong ng Task Force

> March 14, 2022 Task Force Meeting #6 – Preliminary Survey Results
> April 11, 2022 Task Force Meeting #7– Final Survey Results, Vote on Vision & Goals

Metro

# Pag-unlad ng Bisyon at Mga Tunguhin: Walong Linggong Timeline

Ipinapakita ng walong linggong timeline na ito ang mga pangunahing aktibidad at petsa para sa yugtong Bisyon at Mga Tunguhin. Ipinapahiwatig ng mga numero sa bawat bilog ang unang araw ng bawat linggo. Ipinapahiwatig ng mga naka-bold na numero sa bawat kahon ang partikular na target na petsa para sa bawat pangunahing aktibidad. Inilalarawan ng tatlong kulay ang bawat buwan mula Pebrero hanggang Abril.

START — FEBRUARY: 14, 21, 28 — MARCH: 7, 14, 21, 28 — APRIL: 4, 11 — END

> **Pebrero 17** – Ipakilala ang Yugto ng Bisyon at Mga Tunguhin sa Pagpupulong ng Task Force #5

> Pebrero 22 – Ilunsad ang Survey sa Bisyon at Mga Tunguhin
> Pebrero 23 – Talakayin ang pakikipag-ugnayan para sa survey at format ng workshop sa Pagpupulong ng Working Group sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
> Pagpapasiyahan – Suriin ang timeline ng Bisyon at Mga Tunguhin sa Pagpupulong ng Komite sa Koordinasyon

> **Unang Bahagi ng Marso** – Susuriin ng Pangkat sa Proyekto ang mga resulta ng survey at gagawa ito ng pangunahing draft ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin

> **Marso 14** – Ipapakita ang mga resulta ng pangunahing survey at ang unang draft ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin sa Pagpupulong ng Task Force #6

> **Marso 23** – Pampublikong Workshop sa Bisyon at Mga Tunguhin
> **Marso 25** – Isasara ang Survey sa Bisyon at Mga Tunguhin

> **Marso/Abril**– Target para talakayin ang Bisyon at Mga Tunguhin sa Pagpupulong ng CLC

> **Unang Bahagi ng Abril** – Isasama ng Pangkat sa Proyekto ang input sa Panghuling Draft ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin

> **Abril 11** – Checkpoint ng Pinagkasunduan sa Bisyon at Mga Tunguhin sa Pagpupulong ng Task Force #7

> **Nagpapatuloy na Pakikipag-ugnayan sa Publiko** – Maaaring magsumite ang Mga Miyembro ng Task Force at miyembro ng publiko ng mga nakasulat na komento, email, o sulat sa Metro at Caltrans para magbigay ng input sa pagpapaunlad at pag-apruba ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin; Maaari ding magbigay ang mga miyembro ng publiko ng pampublikong komento sa panahon ng Pagpupulong ng Task Force #5, 6, at 7

# Item sa Agenda #2.2:
# Mga Kasalukuyang Kondisyon

Metro

# Mga Kasalukuyang Kondisyon

> Tumutulong ang impormasyon sa Mga Kasalukuyang Kondisyon na mabigyang-kaalaman ang Bisyon at Mga Tunguhin

> Mga Pinagmulan ng Impormasyon sa Mga Kasalukuyang Kondisyon:

- Video ng Mga Kasalukuyang Kondisyon sa I-710 South Corridor (Enero 2022)
  - Ano ang Pinag-aaralang Lugar?
  - Sino ang Naninirahan sa Pinag-aaralang Lugar?
  - Anong Mga Opsiyon, Trend, at Pagsubok sa Kadaliang Gumalaw ang Umiiral sa Pinag-aaralang Lugar?
  - Ano ang Mga Epekto sa Komunidad na Nararanasan sa Pinag-aaralang Lugar?
- Mga Nakaraang Dokumento sa Pagpaplano at Komunidad sa I-710 South Corridor
- Mga Paparating na Presentasyon sa Mga Kasalukuyang Kondisyon (Marso 2022)
  - Canopy ng Puno, Mga Parke, at Bukas na Espasyo
  - Pagkakaroon ng Access sa Mga Mapagkukunan ng Komunidad
  - Mga Nahihirapang Komunidad/Lente ng Katarungan
  - Mga Pattern ng Pagbiyahe

# Item sa Agenda #2.2a:

# Mga Nakaraang Dokumento sa Pagpapaplano at Komunidad

Metro

# Mga layunin

## Suriin

- > Mga nauugnay na dokumento sa pagpaplano at komunidad

***Ano ang nakaligtaan namin?***
Ibahagi ang iyong mga ideya sa mahahalagang dokumento na dapat suriin! I-email si Michael Cano

Deputy Executive Officer ng LA Metro
canom@metro.net

## Tukuyin

- > Mahabang kasaysayan ng mga isyu at epekto sa loob ng pinag-aaralang lugar
- > Paano inilarawan ng mga nakaraang pagsisikap ang hindi pagkakapantay-pantay
- > Mga natutuhan mula sa nakaraang pakikipag-ugnayan para kilalanin ang nakaraang input ng komunidad
- > Mga potensyal na estratehiya para mapabuti ang corridor

## Ipaalam

- > Teknikal na trabaho, kabilang ang data at mga pagsusuri
- > Bisyon, mga tunguhin, estratehiya at/o proyekto
- > Pundasyon para sa pagsulong sakatarungan sa kabuuan ng proyekto

Metro

# Pangkalahatang-ideya

- 22 dokumento ang nasuri (inilathala sa pagitan ng 2011 at 2021)
- Binibigyang-diin ng presentasyon ngayon ang 5 dokumento:
  1. Ulat sa Panghuling Draft ng Pagtatasa ng Epekto sa Kalusugan ng I-710 (2011)
  2. "Beyond the Freeway" na Inisyatiba ng 710 sa Kakayahang Mabuhay (2019)
  3. Plano sa Bus na NextGen (2020)
  4. Estratehikong Plano para sa Paggalaw ng Mga Produkto ng LA County (2021)
  5. Pagpapahusay ng Hustisya at Kadaliang Kumilos sa Kapaligiran sa Timog-silangang Los Angeles (2021)
- Buong buod ng mga nakaraang dokumento sa pagpaplano at komunidad na ibinigay sa Task Force

Nilalagyan ng tag ang mga dokumento gamit ang sumusunod na anim na bahagi ng paksa:


- Kalidad ng Hangin
- Pagpapaunlad ng Komunidad/Mga Serbisyo sa Komunidad
- Kadaliang Kumilos
- Pakikipag-ugnayan
- Hustisyang Pangkapaligiran
- Katarungan

# Ulat sa Pagtatasa ng Epekto sa Kalusugan ng I-710

**Ahensiya: Konseho ng Mga Gobyerno ng Mga Gateway na Lungsod**

**Taon: 2011**

**Heograpikong Lugar: Mga Gateway na Lungsod**




## Pangunahing paksa

Hustisyang Pangkapaligiran

## Mga sub-topic

Kadaliang Kumilos

Kalidad ng Hangin

## Boud

> Tinatasa ang mga iminumungkahing alternatibo sa Proyekto ng Corridor at sinusuri ang mga piling nakakaapektong salik ng kalusugan para tasahin ang mga resulta sa kalusugan na nauugnay sa mga iminumungkahing aksiyon ng bawat alternatibo

> Kasama ang profile ng mga kasalukuyang kondisyon sa kalusugan at pagsusuri ng mga potensyal na epekto

## Mga Natuklasan

> Malamang na bubuti ang pampublikong kalusugan at kalidad ng hangin sa ilalim ng lahat ng alternatibo, at bilang resulta, tataas ang bilang ng available na trabaho sa corridor

> Makakabawas ang mga epekto sa kalusugan na nauugnay sa ingay sa layunin ng proyekto na mapabuti ang pampublikong kalusugan

> **Hindi malinaw ang mga epekto ng proyekto sa kaligtasan sa trapiko; patataasin ng ilang pagpapahusay ang kaligtasan sa trapiko, pero maaaring mapababa ng pagdami at pagbilis ng trapiko sa ilalim ng ilang alternatibo ang kaligtasa**

- Nakasalalay ang pampublikong kalusugan/mga epekto/mga pagpapahusay sa kalapitan sa freeway

> Hindi nakitang kapaki-pakinabang sa kalusugan ang mga estratehiya sa pagpapalawak ng kalsada, nakakaligtaan ng mga iminumungkahing


Metro

# Ulat sa Pagtatasa ng Epekto sa Kalusugan ng I-710

Ahensiya: Konseho ng Mga Gobyerno ng Mga Gateway na Lungsod

Taon: 2011

Heograpikong Lugar: Mga Gateway na Lungsod




**Pangunahing paksa**

Hustisyang Pangkapaligiran

**Mga sub-topic**

Kadaliang Kumilos

Kalidad ng Hangin

## Mga Estratehiya

- Pabutihin ang kaligtasan sa trapiko
- Tugunan ang mga kakulangan sa disenyo ng kalsada
- Tugunan ang paglaki ng populasyon

## Mga Natutuhan

- Tiyakin na nakakatanggap ang mga komunidad ng minorya na mababa ang kita ng makatarungang distribusyon ng mga benepisyo mula sa mga aktibidad sa transportasyon nang hindi dumaranas ng mga labis na masamang epekto
- Isama ang mga komunidad sa corridor sa proseso ng pagpaplano sa isang makabuluhang paraan, kasama ang probisyon ng naaangkop na pagsasalin ng wika

Metro

# Inisyatiba ng 710 sa Kakayahang Mabuhay (Beyond the Freeway)

Ahensiya: Konseho ng Mga Gobyerno ng Mga Gateway na Lungsod, Metro

Taon: 2019

Heograpikong Lugar: Mga komunidad sa 710 mula LA/Commerce south hanggang Long Beach/LA






## Pangunahing paksa

Kadaliang Kumilos

## Mga sub-topic

Katarungan

## Boud

> Ang Inisyatiba ng 710 sa Kakayahang Mabuhay ay isang kinalabasan ng pagsisikap sa proyekto sa modernisasyon ng I-710 Corridor at tumutugon sa kalidad at kondisyon ng impraestruktura at setting sa kapaligiran sa mga lansangang tumatawid sa I-710 corridor.

## Mga Natuklasan

> Nakabuo ang plano ng toolbox na may maraming estratehiya na maaaring piliin para sa bawat potensyal na proyekto sa pagpapabuti ng corridor

> Maraming tao sa pinag-aaralang lugar ang ginagamit ang kanilang sasakyan at ang I-710 para sa panrehiyong pagbiyahe

> Isang karaniwang tema ng input ng komunidad ay ang hangaring magkaroon ng mas maraming aktibong opsiyon sa pagbiyahe (tulad ng paglalakad at pagbibisikleta) para maiwasan ang paikot-ikot na pagmamaneho para makahanap ng paradahan, na nakakadagdag sa mas mabuting kalidad ng hangin at pagtangkilik sa mga lokal na negosyo

# Inisyatiba ng 710 sa Kakayahang Mabuhay (Beyond the Freeway)

Ahensiya: Konseho ng Mga Gobyerno ng Mga Gateway na Lungsod, Metro

Taon: 2019

Heograpikong Lugar: Mga komunidad sa 710 mula LA/Commerce south hanggang Long Beach/LA






**Pangunahing paksa**

Kadaliang Kumilos

**Mga sub-topic**

Katarungan

## Mga Estratehiya

- Pahusayin ang kaligtasan sa trapiko sa mga rampa ng freeway, interseksyon, corridor, transportasyon, underpass/overpass ng freeway,
- Pagpapahusay ng pampublikong sining
- Magdagdag ng at palawakin ang luntiang espasyo habang tinutugunan ang mga kakulangan sa mga itinayong kapaligiran
- Pabutihin ang kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga opsiyon sa aktibong transportasyon

## Mga Natutuhan

- Tumutukoy ang mga sistema ng transportasyon sa iba't ibang bagay para sa iba't ibang tao batay sa kung saan sila nagtatrabaho o naninirahan, o kung paano sila naglilibot.
- Kasalukuyang hindi hinihikayat ng kalidad at kondisyon ng impraestruktura at ng setting ng kapaligiran sa mga lansangan habang bumibiyahe sa I-710 ang mga opsiyon sa aktibo at pampublikong transportasyon


Metro

# Plano sa Bus na NextGen

Ahensiya: Metro

Taon: 2020

Heograpikong Lugar: Naaabot ng network ng lugar ng proyekto ang 710 corridor




## Pangunahing paksa

Kadaliang Kumilos

## Mga sub-topic

Katarungan

Pakikipag-ugnayan

## Boud

> Nagsimula ang Plano sa Bus na NextGen ng LA Metro noong 2018 bilang bahagi ng Plano sa Bisyon sa 2028 nito. Naglalayon ang NextGen na maipatupad ang muling pinag-isipang network ng bus na pahuhusayin ang serbisyo at makahikayat ng mga bagong customer. Pinapasimple ng bagong network ng bus na ito ang mga kasalukuyang ruta at muli nitong itinutuon ang serbisyo sa mga lugar na may pinakamalaking pangangailangan.

## Mga Natuklasan

> Naging madaling ma-access ang sistema ng Metro para mapaglingkuran ang halos lahat ng biyahe at sa karamihan sa mga bahagi ng rehiyon

> Matagumpay na napaglilingkuran ng Metro ang mga biyahe ng commuter at malalayong biyahe, pero kinailangan nitong muling isipin ang serbisyo para sa mas maiikling biyahe at paminsan-minsang destinasyon

> Kumatawan ang maiikling biyahe sa pinakamalaking potensyal na market ng Metro

> Hindi tumugma ang serbisyo sa pangangailangan sa pagbiyahe, lalo na sa tanghali at gabi

> Kapag dalawang beses na mas mabilis ang pagmamaneho kaysa sa transportasyon, mas ginugusto ng mga tao na magmaneho

# Plano sa Bus na NextGen

Ahensiya: Metro

Taon: 2020

Heograpikong Lugar: Naaabot ng network ng lugar ng proyekto ang 710 corridor



**Pangunahing paksa**

Kadaliang Kumilos

**Mga sub-topic**

Katarungan

Pakikipag-ugnayan

## Mga Estratehiya

> Doblehin ang bilang ng bus sa walong pinakadinadayong corridor
> Pagpapalawak ng serbisyo sa tanghali, gabi, at Sabado at/o Linggo
> Muling iposisyon ang mga stop para maging hindi hihigit sa 1/4 ng milyang lakad para sa karamihan ng mga rider
> Gumawa ng mas komportable at ligtas na kapaligiran para sa paghihintay

## Mga Natutuhan

> Nagiging mas matatag ang mga sistema ng pampublikong transportasyon, at dapat suportahan ng mga proyekto sa aktibong transportasyon sa I-710 corridor ang paglago nito
> Tiyaking inuuna ang mga taong may pinakakaunting access sa mga opsiyon sa transportasyon na hindi nagmamaneho kapag nagpaplano para sa mga estratehiya sa pampublikong transportasyon

# Estratehikong Plano para sa Paggalaw ng Mga Produkto ng LA County

Ahensiya: Metro

Taon: 2021


Heograpikong Lugar: LA County

**Pangunahing paksa**

Kadaliang Kumilos

**Mga sub-topic**

Katarungan




## Boud

> Ang tugon ng Metro sa mga pagsubok sa pagpaplano para sa transportasyong nauugnay sa kargamento para suportahan ang mga pagsisikap para maging mapagkumpitensiya sa ekonomiya, makapagpanatili ng kapaligiran, at makatarungan sa tao

## Mga Natuklasan

> Ipinahayag ng Metro na dapat kasama sa pagpapataas ng pagiging mapagkumpitensiya sa ekonomiya ng Rehiyon ng LA ang pangako sa pagpapanatili ng kapaligiran at panrehiyong katarungan

> Binigyang-diin ng mga stakeholder na dapat itaguyod ng Metro ang napapanatiling framework sa pagiging mapagkumpitensiya sa kargamento na nakatuon sa katarungan

# Estratehikong Plano para sa Paggalaw ng Mga Produkto ng LA County

**Agency:** Metro

**Year:** 2021

**Geographic Area:** LA County




## Pangunahing paksa

Kadaliang Kumilos

## Mga sub-topic

Katarungan

## Mga Estratehiya

> Bumuo ng pormal at bumabalik na working group para sa katarungan sa kargamento

> Mag-deploy ng teknolohiya para sa mas malilinis na trak para mapalitan ang mga operasyon gamit ang diesel sa mga highway sa corridor na madalas na dinadaanan ng kargamento

> Bumuo ng mataas na antas ng pakikipagtulungan sa riles ng kargamento para mahikayat ang pagpopondo sa LA County

> Pamunuan ang talakayan sa buong county tungkol sa tungkulin ng mga pangangailangan sa paggalaw ng produkto sa pagpaplano ng at mga patakaran sa pamamahala ng curbside

> Makipagtulungan sa rehiyon para pasiglahin ang mga programa sa pagpapaunlad ng mga manggagawa na sumusuporta sa mga pangangailangan sa paggawa sa kargamento sa hinaharap

## Mga Natutuhan

> Dapat malagpasan ng LA County ang mahabang kasaysayan ng mga epekto ng katarungan sa maraming komunidad na katabi ng mga corridor para sa kargamento sa pamamagitan ng pagbabawas ng pag-aalis, paggawa ng mga oportunidad sa trabaho at pagpapabuti ng pampublikong kalusugan para sa mga residenteng pinakanaaabala sa paggalaw ng mga trak at tren sa rehiyon


Metro

# Pagpapahusay ng Hustisya at Kadaliang Kumilos sa Kapaligiran sa Timog-silangang Los Angeles

Ahensiya: USC Pacific Southwest Region University Transportation Center

Taon: 2021

Heograpikong Lugar: Timog-silangang LA




## Pangunahing paksa

Hustisyang Pangkapaligiran

## Mga sub-topic

Kadaliang Kumilos

## Boud

> Case study na may dalawang bahagi para masuri ang mga isyu sa hustisyang pangkapaligiran sa mga komunidad ng mga hindi puti na may mababang kita sa Timog-silangang Los Angeles (Southeast Los Angeles, SELA). Sinusuri ng unang bahagi ang trapiko at mga epekto sa kapaligiran ng mga heavy duty na trak. Sinusuri ng pangalawang bahagi ang kadaliang ma-access ng pampublikong transportasyon.

## Mga Natuklasan

> Ang trapiko ng heavy-duty na trak sa SELA ay halo ng through traffic at trapikong nabuo sa SELA

> Ang mga pangunahing epekto ng heavy-duty na trapiko sa lugar ay ang polusyon sa hangin at mga salpukan

> Pinakamahusay na natutugunan ang polusyon sa hangin sa panrehiyong antas

> Inihayag ng mga focus group sa SELA Collaborative na nalaman ng komunidad na ang kalinisan, pagiging maaasahan, at kaligtasan ang mahahalagang salik ng sistema ng transportasyon

> Mapapataas ng mga estratehiya ukol sa una at huling milya, tulad ng pagbabahagi ng bisikleta at mga shuttle, ang access sa trabaho


Metro

# Pagpapahusay ng Hustisya at Kadaliang Kumilos sa Kapaligiran sa Timog-silangang Los Angeles

Ahensiya: USC Pacific Southwest Region University Transportation Center

Taon: 2021

Heograpikong Lugar: Timog-silangang LA




**Pangunahing paksa**: Hustisyang Pangkapaligiran

**Mga sub-topic**: Kadaliang Kumilos

## Mga Estratehiya

- Bawasan ang mga emisyon mula sa trapiko ng trak sa pamamagitan ng mga teknolohiya at patakaran na nauugnay sa sasakyan na sumusuporta sa pagpapatupad ng mga ito
- Isaalang-alang ang pagpapatupad ng geofencing para mabawasan ang trapiko ng trak sa mga residensyal na lugar
- Gawing priyoridad ang on-demand na serbisyo ng shuttle ng Metro Micro para madagdagan ang access sa mga trabaho
- Pag-aralan ang pagpapatupad ng matatag na programa sa pagbabahagi ng bisikleta at impraestruktura para sa bisikleta

## Mga Natutuhan

- Lubos na mababawasan ng mga kasalukuyan at planadong regulasyon para makamit ang mga target sa walang emisyong trak ang mga emisyong nauugnay sa mga trak; dapat lumahok ang rehiyong SELA sa mga proyekto ng demonstrasyon na nauugnay sa mga pagpapatupad ng patakaran at teknolohiya na ito
- Maaaring makipagtulungan ang mga lokal na gobyerno sa mga CBO para makamit ang mga pagbabago sa kaligtasan na inakma sa lokal
- Mayroong pangangailangan sa pagpapahayag ng mga resulta sa mas malaking komunidad ng SELA sa pamamagitan ng halo ng mga personal na pagpupulong, social media, at mga naka-print na komunikasyon

# Item sa Agenda #2.3:
# Ano ang Pahayag ng Bisyon?
# Ano ang Mga Tunguhin?

Metro

# Pahayag ng Bisyon

## Ano ang Bisyon?

Ang Bisyon ay isang maikling pahayag na:

> nagpapahayag ng mga sama-samang kinalalabasan na nilalayong makamit ng Task Force.

> naglalarawan sa pinakamagandang kinabukasan para sa I-710 South Corridor.

> naglalaman ng mga adhikain at hangarin ng mga komunidad sa corridor at sa mga gumagamit ng corridor.

## Bakit mahalaga ang pahayag ng bisyon para sa 710 Task Force?

Bubuo at mag-aapruba ang 710 Task Force ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin na magsisilbi bilang pundasyon para sa mga inirerekomendang multimodal na estratehiya, proyekto at programang kasama sa Plano sa Pamumuhunan ng I-710 South Corridor na ihaharap sa Lupon ng Metro para sa pagsasaalang-alang.

## Halimbawa

> *Ang Bisyon ng Metro sa 2028 ay ang "makapaghatid ng sistema ng kadaliang kumilos na nagbibigay-daan sa mga tao na makapagbiyahe nang mabilis at madali sa buong rehiyon ng LA County, saanman nila gustong pumunta o kailanman nila gustong bumiyahe."*

# Mga Tunguhin

## Ano ang Mga Tunguhin?

> Isang pangkalahatang pagpapahayag ng mga pinahalagahan at direksyon ng komunidad
> Isang pagpapahayag ng hinahangad na panghuling resulta o kinalalabasan (hindi mga aksiyon o estratehiya).
> Isang konsiderasyon ng “buong perspektibo.”
> Isang pangkalahatang tagatakda ng direksyon (karaniwang hindi nasusukat o nakadepende sa oras).

## Bakit mahalaga ang Mga Tunguhin para sa 710 Task Force?

Tutulong ang Task Force na bumuo ng maraming tunguhin para sa I-710 South Corridor para gabayan ang mga yugto ng Proseso ng Trabaho ng Task Force sa hinaharap para mabuo ang Plano sa Pagpopondo.

## Halimbawa

| Mga Tunguhin | Mga Layunin |
|---|---|
| Kadaliang Gumalaw at Pagkakakonekta | Pataasin ang multimodal na kadaliang gumalaw at pahusayin ang daloy ng trapiko |
| Kadalian sa Pag-access at Katarungan | Pahusayin ang transportasyon para sa mga nahihirapang populasyon |
| Kaligtasan | Bawasan ang mga rate ng pagkamatay at malulubhang pinsala |
| Pagpapanatili/ Pampublikong Kalusugan | Bawasan ang polusyon, mga GHG na emisyon, at iba pang negatibong epekto |
| Ekonomiya | Makamit ang pang-ekonomiya at piskal na pagpapanatili at paglago ng trabaho |

Metro

# Mga Halimbawa ng mga Tunguhin sa iba pang Plano

## California Transportation Plan 2050 Goals

**Safety**
Provide a safe and secure transportation system

**Climate**
Achieve statewide GHG emissions reduction targets and increase resilience to climate change

**Equity**
Eliminate transportation burdens for low-income communities, communities of color, people with disabilities, and other disadvantaged groups

**Accessibility**
Improve multimodal mobility and access to destinations for all users

**Quality of Life & Public Health**
Enable vibrant, healthy communities

**Economy**
Support a vibrant resilient economy

**Environment**
Enhance environmental health and reduce negative transportation impacts

**Infrastructure**
Maintain a high-quality, resilient transportation system

Metro

# Mga Tunguhin laban sa Mga Layunin laban sa Mga Estratehiya laban sa Mga Proyekto/Programa

**Mga Tunguhin laban sa Mga Layunin laban sa Mga Estratehiya laban sa Mga Proyekto/Programa**

- Ang mga tunguhin ay ang malalawak na "hinahangad na resulta"
- Ang layunin ay "mas partikular na resulta" para sa isang tunguhin. Karaniwang may maraming layunin para sa bawat tunguhin.
- Ang mga estratehiya ay ang mga "paano" para makamit ang mas partikular na resulta. Makakatulong ang maraming estratehiya na makamit ang parehong layunin.
- Ang mga proyekto/programa ay ang mga "ano". Makakatulong ang maraming proyekto at programa na maisakatuparan ang parehong estratehiya.

**Halimbawa:**

"Pahusayin ang pampublikong kalusugan para sa mga residente ng corridor sa pamamagitan ng pag-alis ng mga nakakalasong emisyong ibinubuga ng mga sasakyan para sa kargamento at personal na sasakyan na pamamagitan ng pagpopondo ng walang emisyong impraestrukturang sumusuporta sa pag-deploy ng mga walang emisyong heavy duty na trak."

- ***Tunguhin:*** *"Pahusayin ang pampublikong kalusugan para sa mga residente ng corridor"*
- ***Layunin:*** *"Pabutihin ang kalidad ng hangin para sa mga residente ng corridor"*
- ***Estratehiya:*** *"Alisin ang mga nakakalasong emisyon na ibinubuga ng mga sasakyan para sa kargamento at personal na sasakyan"*
- ***Proyekto/Programa:*** *"Pondohan ang mga walang emisyong impraestruktura na sumusuporta sa pag-deploy ng mga walang emisyong heavy duty na trak."*

Metro

# Item sa Agenda #2.4:

# Survey sa Bisyon at Mga Tunguhin: Pangkalahatang-ideya

Metro

# Survey sa Bisyon at Mga Tunguhin: Pangkalahatang-ideya

## Mga Tanong sa Survey

> Ano ang iyong bisyon para sa I-710 South Corridor?

> Piliin ang nangungunang apat na bahaging dapat isaalang-alang para sa I-710 South Corridor

> Magbigay ng mga tunguhin batay sa iyong nangungunang apat na napiling bahagi na dapat isaalang-alang

## Halimbawa ng Bahagi na Dapat Isaalang-alang

> Kalidad ng Hangin

# Diskusyon ng Task Force

Metro

# Pagkomento ng Pangkalahatang Publiko at Pangwakas na Pananalita

Metro

# Charter - Mga Susog

> Ang Task Force ay may karapatan na amyendahan ang Charter sa anumang susunod na pagpupulong.

> Ang Community Leadership Committee ay maaaring mag-alok ng mga rekomendasyon para sa mga pagbabago sa Task Force para sa pagsasaalang-alang sa mga susunod na pagpupulong.

> Ang mga rekomendasyon ng Community Leadership Committee at pampublikong input para sa bawat yugto ng proseso ng Task Force ay ibibigay sa Metro Board bilang bahagi ng huling ulat.

# Pagkomento ng Publiko

Bibigyan kayo ng 2 minuto para magtanong o magkomrento, para masulit ang paglahok

02:00

Start | Stop | Reset | mins: 2 | secs: 0 | type: None

Breaktime for PowerPoint by Flow Simulation Ltd.

Pin controls when stopped

# Mga Paparating na Pagpupulong

## Mga Pagpupulong ng Task Force

> Pagpupulong #6 ng Task Force
Lunes, Marso 14, 5-7:30pm

> Pagpupulong #7 ng Task Force
Lunes, Abril 11, 5-7:30pm

> Pagpupulong #8 ng Task Force
Lunes, Mayo 9, 5-7:30pm

## Working Group Meetings

> Working Group sa Istratehiya sa Engagement ng Komunidad
Miyerkules, Pebrero 23, 5:30-7:00pm
Miyerkules, Marso 23, 5:30-7:00pm

> Working Group ng Mga Clean Truck
Huwebes, Pebrero 24, 1-2:30pm
Martes, Marso 22, 1-2:30pm

## Pampublikong Workshop

> *Miyerkules, Marso 23, 5:30-7:00pmWednesday, March 23, 5:30-7:00pm*

Metro

# Stay connected to this project

Michael Cano, *Executive Officer (Interim), Countywide Planning & Development*
Metro
One Gateway Plaza, MS 99-13-1
Los Angeles, CA 90012

213.922.4710

*710corridor@metro.net*

*metro.net/projects/i-710-corridor*

*@metrolosangeles*

*losangelesmetro*

Metro

# Thank you for joining us!

Metro